5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin

8

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 5**
**Ugnayan ng Sinaunang Bayang Pilipino sa Ilang Bansa sa Asya**
**(India at Hapon)**
**Kuwarter 2: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

Manunulat: Jayson P. Sollorano, EdD
Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School-Pila Sub-office
SDO Laguna

Tagasuri: Marivic M. Pimentel, Ph.D.
Philippine Normal University, Manila

**Management Team**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 2, ARALIN 8 LINGGO 8 / BAITANG 5**

| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilip |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*1. Natutukoy ang mga bansang may ugnayan sa sinaunang bayang Pilipino*<br>*2. Naitatala ang mga ambag ng bansang India at Japan sa sinaunang bayang Pilipino.*<br>*3. Napahahalagahan ang ugnayan ng sinaunang bayang Pilipino sa ilang piling bansa sa Asya*<br>*4. Nakabubuo ng liham pasasalamat sa bansang India at Japan dahil sa pakikipag-ugnayan nito sa ating mga ninuno.* |
| **D. Nilalaman** | Ugnayan ng Sinaunang Bayang Pilipino sa Ilang Piling Bansa sa Asya<br>(India at Hapon) |
| **E. Integrasyon** | Quality Education<br>SDG 11: Sustainable Cities and Societies<br>Cultural Literacy<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Antonio E. et al. (2007). Pilipinas Kong Hirang. Rex Book Store, Inc. Sampaloc Maynila, Philippines.<br>DepEd (2010). HEKASI 4-Ang Pakikipag-ugnayan ng mga Dayuhan sa Bansa. LRMDS-SDO-Division of Negros Occidental.<br>Gabuat (2016). Araling Panlipunan- Pilipinas Bilang Isang Bansa. Vibal Group, Inc. Quezon City, Philippines. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Panuto:** Isulat ang letrang A kung ugnayan sa Arabong bansa ang tinutukoy sa pangungusap at letrang T naman kung ugnayang Tsina ang tinutukoy ng pangungusap.<br><br>_______ 1. Paggamit ng kalendaryo<br>_______ 2. Hindi pagkain ng baboy.<br>_______ 3. Kagamitang Tsinelas<br>_______ 4. Relihiyong Buddhism<br>_______ 5. Paggalang sa nakakatanda.<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | Ang mga gawaing matatagpuan sa araling ito ay inaasahang magagawa sa loob ng isang linggo.<br><br>Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na ibahin o baguhin ang mga pamamaraan upang maibigay ang maikling balik-aral.<br><br>**BALIK-ARAL**<br>Susi sa pagwawasto:<br>1. A<br>2. A<br>3. T<br>4. T<br>5. T<br><br>Ang pagsagot sa balik-aral ay inaasahang gagawin sa unang araw ng pagtatalakay ng aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na pamprosesong tanong at isulat sa sagutang papel.<br>a. Ano-anong mga bansa ang may kaugnayan sa sinaunang bayang Pilipino para sa ikalawang bahagi ng aralin?<br>b. Sa paanong paraan matutukoy ang mga ambag ng bansang India at Japan sa sinaunang bayang Pilipino?<br>c. Paano mapapahalagahan ang naging ugnayan ng sinaunang Pilipino sa mga piling bansa sa Asya? | Maaaring umisip ang guro ng iba pang teknik upang mailahad ang mga layunin. |

<table>
<tr><td></td><td>
d. Sa paanong paraan mo maipapakita ang pasasalamat sa bansang India at Japan mula sa kanilang mga impluwensya na naging bahagi na ng kultura ng Pilipinas?<br><br>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>
Gawain 1. SUBUKIN NATIN! (#Susing Salita ng Aralin)<br>
Panuto: Isaayos ang mga pinaghalo-halong mga titik sa bawat bilang upang mabuo ang tamang salita. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno o sa inihandang espasyo sa sagutang papel.<br><br>
<table>
<tr><td>NIIDA<br>________________</td><td>Ang bansa na nakipag-ugnayan sa ating bansa noong sinaunang panahon. Ang bansang ito ay may wika na tinatawag na Sanskrit.</td></tr>
<tr><td>AJPNA<br>________________</td><td>Ang bansa na nakipag-ugnayan sa ating bansa noong sinaunang panahon. Ang bansang ito ay may wika na tinatawag na Niponggo (Nihongo).</td></tr>
<tr><td>UNGYANA<br>________________</td><td>Ito ay tumutukoy ito sa pakikipagkaibigan, pakikilahok, pagkakaroon ng relasyon/koneksyon</td></tr>
<tr><td>INNDUIMS<br>________________</td><td>Ito ay tumutukoy sa pangunahing relihiyon sa bansang India.</td></tr>
<tr><td>HSINTIOMS<br>________________</td><td>Ito ay tumutukoy sa pangunahing relihiyon sa bansang Hapon.</td></tr>
</table>
</td><td>
Gawain 1<br>
Susi sa Pagwawasto:<br>
1. India<br>
2. Japan<br>
3. Ugnayan<br>
4. Hinduism<br>
5. Shintoism
</td></tr>
<tr><td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td><td>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>
Paksa: PAKIKIPAG-UGNAYAN SA INDIA<br>
Sa tulong ng mga mangangalakal sa Indonesia ay nakarating sa Pilipinas ang kulturang Indian. Malakas ang impluwensya sa kanila ng Imperyong Srivijaya. Kalaunan ay pinalitan ito ng Imperyong Majapahit. Nagpatuloy ang impluwensya ng kulturang Indian sa mga sinaunang Pilipino. Ang India ay may relihiyong tinatawag na Hinduism.
</td><td>Maaari pang umisip ang guro ng iba pang pamamaraan upang ilahad ang paksa sa mga mag-aaral. Maaaring gumawa ng graphic organizer para mas mabilis na maunawaan ng mga mag-aaral.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Makikita ang impluwensya ng kulturang Indian sa ating papantig na pagsulat. Humigit kumulang 350 na salita sa Pilipino ang hango sa Sanskrit. Ang Sanskrit ang sinaunang wika ng India. Ilan sa mga salitang ito ay ang sumusunod: diwata, sampalataya, saksi, dusa, parusa, suka, mukha, sutla, hari, ama, asawa, maharlika, mutya, kudyapi, at sandata.<br>Ang putong at sarong na kasuotan ay nagmula rin sa India. Ang mga kasuotan ng mga Igorota ay kahawig sa kasuotan ng mga Hindu. Ang barong tagalog ay nahahawig sa tabas at burda sa kurta ng India. Maging ang mga prutas tulad ng mangga, langka, at aratilis ay nagmula rin sa India. Ang mga gulay naman na ampalaya, patola, at malunggay ay sa kanila rin nanggaling. Maging ang sampaguita at champaca ay sa kanila rin nanggaling.<br>Ang paglalagay ng belo at kurdon sa mga kinakasal ay sa kanila rin nanggaling. May mga paniniwala rin na sa kanila nagmula katulad ng ang babaing kumain ng kambal na saging ay magkakaanak ng kambal, ang dalagang umaawit habang nagluluto sa tapat ng lutuan ay magkakaasawa ng biyudo, at ang paglitaw ng kometa ay babala ng taggutom, digmaan, at iba pang masamang pangyayari.<br>Ang mga Indiano ay may pagkamatiisin na pag-uugali, mapagpaubaya ng kapalaran sa Diyos, at mapagwalang bahala.<br><br>**Ikalawang Araw**<br><br>**Paksa: PAKIKIPAG-UGNAYAN SA JAPAN**<br>Ang mga Hapon ay nagtungo sa ating bansa upang makipagkalakalan at manirahan, ayon sa kasaysayan ng sinaunang Hapones. Sila ay nanirahan sa mga purok ng Ilog Cagayan, Golpo ng Lingayen, at Maynila. Ang relihiyon sa Japan ay tinatawag na Shintoism, subalit wala itong gaanong naging impluwensya sa ating bansa.<br><br>Matagal din ang ugnayan sa pagitan ng Pilipinas at ng Hapon. Maraming impluwensya sa ating kultura ang mga Hapon. Natutuhan ng mga Pilipino ang pag-aalaga ng itik at pagpaparami ng mga isda. Natutuhan din ang pagluluwas ng itlog at tuyong isda sa ibang bansa. Natuto ring magpanday ang mga Pilipino kaya nakagawa sila ng iba't ibang uri ng kagamitan sa paggawa. Maging ang paggawa ng alahas ay natutuhan din natin sa kanila. | Ang bahaging ito ay nakatakda na gawin sa ikalawang araw, subalit may kalayaan ang guro na gawin ito kahit anong araw basta't matatapos ang lahat sa ikaapat na araw. |

Dagdag pa dito ay ang mga negosyong tingian, ang pagtatabas ng balat ng hayop at ang paggawa ng sandata. Itinuro rin ang paggawa ng katad mula sa balat ng usa. Namana rin natin ang kaugaliang paggalang at pagpapahalaga sa mga nakatatanda. Katulad ng ibang bansa, nakapangasawa rin ang ilang Hapones ng mga Pilipina.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 2. Punan Mo Ako! (#Lagyan Natin!)**
**Panuto:** Punan ang talahanayan ng hinihinging impormasyon.

| Impluwensya | INDIA | JAPAN |
|---|---|---|
| 1. Relihiyon | | |
| 2. Wika | | |
| 3. Pananamit | | |
| 4. Kagamitan | | |
| 5. Hanapbuhay | | |
| 6. Kaugalian | | |

**Gawain 3: India o Japan (#Piliin Mo!)**
**Panuto:** Isulat ang letrang **I** kung ugnayan sa India ang tinutukoy sa mga sumusunod na impluwensya sa buhay ng mga Pilipino at letrang **J** naman kung ugnayang Japan ang tinutukoy.
_______ 1. Kagamitang panghabi
_______ 2. Pagpapaubaya ng kapalaran sa Diyos.
_______ 3. Kagamitang bakya
_______ 4. Relihiyong Shintoism
_______ 5. Pagkamatiisin
_______ 6. Imperyong Srivijaya
_______ 7. Kasuotang putong at sarong
_______ 8. Wikang Sanskrit

| Impluwensya | INDIA | JAPAN |
|---|---|---|
| **1. Relihiyon** | Hinduism | Shintoism (h gaanong nakaimpluw a) |
| **2. Wika** | 25 % Sanskrit | Niponggo |
| **3. Kagamitan** | Panghabi Barko Bangka | Bakya Armas |
| **4. Hanapbuhay** | Paghabi ng bulak, paggawa ng barko, at bangka, pagmimina | Pagkulti ng b ng hayop, paggawa ng armas, pagpaparam isda at bibe,pagpapa o ng perlas |
| **5. Kaugalian** | Pagkamatiisin, pagpapaubaya ng kapalaran sa Diyos, pagwawalang bahala | Paggalang sa nakakatanda |

| | | |
|---|---|---|
| | ______ 9. Wikang Niponggo<br>______10. Mga armas<br><br>**Ikatlong Araw**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Gawain 4: Iguhit mo! (#Ipakita mo ang iyong galing)**<br>Panuto: Iguhit ang mga paborito mong kagamitan sa loob ng kahon na namana natin sa ating mga ninuno na impluwensya ng bansa sa India at Japan at sagutan ang pamprosesong mga tanong .<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Bakit naging paborito mo ang mga ito? Ipaliwanag.<br>2. Paano ito nakakatulong sa pang-araw-araw na pamumuhay ng isang tao?<br><br>**Gawain 5. Liham Pasasalamat (#Salamat)**<br>Panuto: Gamit ang sagutang papel, ikaw ay gagawa ng liham pasasalamat sa bansang India at Japan. Ano-ano ang mga gusto mong ipagpasalamat sa kanila dahil nagagamit pa natin hanggang sa ngayon ang mga impluwensya nila simula noong nakipag-ugnayan sila sa ating mga ninuno. | Gawain 3<br>Susi sa pagwawasto:<br>1. I<br>2. I<br>3. J<br>4. J<br>5. I<br>6. I<br>7. I<br>8. I<br>9. J<br>10. J<br><br>May kalayaan ang guro na magbigay ng marka para sa Gawain 4 hanggang 6. |



<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Ikaapat na Araw**

**Gawain 6. Isapuso mo! (#Kaya mo yan!)**<br>
Panuto: Gamit ang sagutang papel ay sagutin ang mga sumusunod:

1. Bilang isang mag-aaral, paano mo mapapahalagahan ang naging ambag India at Japan sa ating kultura?

2. Magkakaiba ang kultura at paniniwala ng bawat bansa, sa iyong palagay paano magkakaroon ng pagkakaisa ang bawat bansa sa kabila ng pagkakaiba-iba?

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>

**D. Paglalahat**

</td>
<td>

**1. Pabaong Pagkatuto**

<table>
<tr><th>Impluwensya</th><th>INDIA</th><th>JAPAN</th></tr>
<tr><td>1. Relihiyon</td><td>Hinduism</td><td>Shintoism (hindi gaanong nakaimpluwensya)</td></tr>
<tr><td>2. Wika</td><td>25 % Sanskrit</td><td>Niponggo (Nihongo)</td></tr>
<tr><td>3. Kagamitan</td><td>Panghabi<br>Barko<br>Bangka</td><td>Bakya<br>Armas</td></tr>
<tr><td>4. Hanapbuhay</td><td>Paghabi ng bulak, paggawa ng barko, at bangka, pagmimina</td><td>Pagkulti ng balat ng hayop, paggawa ng armas, pagpaparami ng isda at bibe,pagpapatubo ng perlas</td></tr>
</table>

</td>
<td>Maaaring umisip pa ang guro ng ibang pamamaraan upang maibigay ang paglalahat.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| 5. Kaugalian | Pagkamatiisin, pagpapaubaya ng kapalaran sa Diyos, pagwawalang bahala | Paggalang sa nakakatanda |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Gawain 7. Pagninilay**

Panuto: Magsagawa ng pagninilay hinggil sa aralin na natutunan. Kokopyahin sa g kuwaderno ang talahanayan. Lagyan ng tsek ng mga mag-aaral ✓ kung ang mga nakalahad na kasanayan ay nalinang. Sasagutin din ng mga inihandang tanong.

| Mga kasanayan | Hindi sapat ang kasanayan ko | Sapat ang kasanayan ko | Lubos ang kasanayan ko |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang mga bansang may ugnayan sa sinaunang bayang Pilipino* | | | |
| *Napahahalagahan ang ugnayan ng sinaunang bayang Pilipino sa ilang piling bansa sa Asya* | | | |

Walang tama o maling sagot para sa Gawain 7. May kalayaan ang guro na magbigay ng marka.

| | | |
|---|---|---|
| | *Nakabubuo ng liham pasasalamat sa bansang India at Japan dahil sa pakikipag-ugnayan nito sa ating mga ninuno.* (table: | *Nakabubuo ng liham pasasalamat sa bansang India at Japan dahil sa pakikipag-ugnayan nito sa ating mga ninuno.* | | | |) <br><br>**Pamprosesong mga Tanong:**<br>1. Anong mga kaalaman at kasanayan ang natutunan mula sa aralin?<br>2. Anong mga kaalaman at kasanayan ang nahirapan kang matutunan?<br>3. Bakit nahirapan kang matutuhan ang mga nasabing kaalaman at kasanayan?<br>4. Kung pag-aaralang muli ang nilalaman ng aralin at gagawin ang mga pagsasanay, paano mo higit na mapagbubuti ang iyong pagkatuto?<br>a. Sumangguni sa iyong naging sariling karanasan?<br>b. Sumangguni sa iyong mga kamag-aral at tanungin ang kanilang naging karanasan sa pag-aaral?<br>c. Sumangguni sa iyong guro at humingi ng mga mungkahi? | |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Gawain 8:**<br>**1. Pagsusulit**<br><br>**Panuto:** Basahin mabuti ang mga pangungusap at piliin ang letra ng wastong kasagutan. Isulat ito sa patlang bago ang numero.<br><br>______ 1. Sa bansang ito natutunan ng mga Pilipino ang pag-aalaga ng itik at pagpaparami ng isda. | Susi sa pagwawasto:<br>1. D<br>2. D<br>3. A<br>4. C<br>5. D |

A. Arabia
B. China
C. India
D. Japan

______ 2. Ang mga sumusunod ay mga impluwensya ng bansang Japan sa ating kultura, maliban sa:
A. Pagluluwas ng itlog sa ibang bansa.
B. Pagpapanday ng armas
C. Paggawa ng alahas
D. Kasuotang putong

______ 3. Ang mga sumusunod ay mga impluwensya ng bansang India sa ating kultura, maliban sa:
A. Negosyong tingian
B. Kasuotang sarong
C. Paglalagay ng belo at kurdon sa mga ikinakasal
D. Bulaklak na sampaguita

______ 4. Sa bansang ito natutunan ng mga Pilipino ang mga salitang diwata, sampalataya, saksi, dusa, at sandata.
A. Arabia
B. China
C. India
D. Japan

______ 5. Ang mga sumusunod ay mga dahilan kung bakit nakipag-ugnayan sa ating bansa ang mga bansa sa Asya, maliban sa:
A. Makipagkalakalan
B. Makipagpalitan ng produkto
C. Manirahan
D. Mamasyal

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Gawain 9:<br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Isulat sa kwaderno o sa sagutang papel.<br>1. Anong impluwensya ng India at Japan ang dapat nating ipagpatuloy at paunlarin? Bakit?<br>2. Paano ito ipagpapatuloy? Ipaliwanag.<br>3. Dapat bang ipagpatuloy nating mga Pilipino ang pakikipag-ugnayan sa mga taga- India at Japan? Bakit?</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?</td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: JAYSON P. SOLLORANO, Ed.D.*** | ***Sinuri ni: Marivic M. Pimentel, Ph.D.*** |
| ***Institusyon: Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School, Pila Sub-Office, SDO-Laguna*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |